

Ikalawang Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay

Mga Gawa 2, 42–47; 1 Pedro 1, 3–9; Juan 20, 19–31

Sumainyong lahat ang Panginoon na muling nabuhay, at Siyang nabubuhay sa Kanyang at ating Simbahan.

PAMBUNGAD

Ngayon ay ipinagdiriwang natin ang Ikalawang Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, na tinatawag ding Linggo ng Dakilang Awa ng Diyos—isang araw ng kagalakan dahil sa saganang awa ng Diyos na ibinubuhos para sa buong sangkatauhan. Sa ilang bansa, ito rin ang tradisyunal na pagdiriwang ng Unang Banal na Komunyon, kung saan ang mga bata ay unang tumatanggap sa Panginoon sa harap ng sambayanan.

Nais kong ibahagi ang isang kuwento: May isang batang lalaki na nagtanim minsan ng maliit na buto sa isang hardin. Araw-araw niya itong dinidiligan, kinakausap, at maingat na pinagmamasdan kung may senyales ng paglago. Lumipas ang mga linggo na may maliit lang na pagbabago. Ngunit nagpatuloy ang batang lalaki, at isang umaga nakita niya ang isang maliit na berdeng usbong na sumisibol mula sa lupa. Ang munting usbong na iyon, bagaman tila marupok, ay kalauna’y naging isang matibay at masiglang

halaman—dahil sa patuloy na pag-aalaga ng bata at tahimik na nag-uugnayan sa ilalim ng lupa ang mga ugat nito. Ipinapaalala sa atin ng kuwentong ito na ang awa ng Diyos ay kadalasang kumikilos nang tahimik, at nakatago sa ilalim. Lumalago ito sa ating mga puso at komunidad kapag inaalagaan natin ito sa pamamagitan ng panalangin, paglilingkod, at pagmamahal. Tulad ng maliit na buto na nagiging halaman, ang ating pananampalataya, kapag inalagaan nang may tiyaga at pagmamahal, ay nagbubuklod sa atin bilang iisang Katawan ni Kristo.

Ang mga unang Kristiyano, ayon sa ating narinig sa pagbasa tungkol sa Mga Gawa ng mga Apostol, ay “may iisang puso at kaluluwa.” Sama-sama silang nananalangin. Sama-sama silang naghahati-hati ng tinapay. Ibinahagi nila kung ano ang meron sila. Walang nagkukulang sa kanila, at dinaragdagan ng Panginoon ang mga kasapi nila araw-araw. Ngayon, tayo rin ay nagtitipon sa parehong diwa ng pagkakaisa, kababaang-loob, at pagmamahal, na handang tanggapin muli ang awa ng Diyos.

Ihanda natin ang ating mga sarili sa pagdiriwang ng banal na Misa sa pamamagitan ng pagkilala sa ating pangangailangan sa awa ng Diyos.

ANG KILOS NG PAGSISISI

Panginoong Hesukristo, Ikaw ang Muling Nabuhay na dumating upang magdala ng kapayapaan, awa, at pagkakasundo sa magulong mundo. Nagpapakumbaba kaming kumikilala sa aming mga pagkukulang at hinihiling namin ang iyong grasya ng pagpapagaling.

Panginoon, madalas kaming makasarili at hindi pinapansin ang pangangailangan ng iba. Panginoon, kaawaan mo kami. Kristo, nagduda kami sa iyong presensya sa gitna ng aming mga pagsubok, katulad ni Tomas. Kristo, kaawaan mo kami. Panginoon, nagkulang kami sa pagpapatawad at hindi kami nagkaisa sa Iyong pag-ibig. Panginoon, kaawaan mo kami.

PANALANGIN NG PAGPAPAWALANG-SALA

Kaawaan at patawarin nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos, na nagpapatawad sa lahat ng taong tunay na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan, at akayin nawa tayo sa buhay na walang hanggan. Amen.

PAANYAYA SA GLORIA

Itaas natin ang ating mga tinig sa kagalakan at pasasalamat, niluluwalhati ang Diyos Ama, na sa pamamagitan ni Kristo ay nagtagumpay laban sa kasalanan at kamatayan, at nagbigay sa atin ng bagong buhay at walang hanggang pag-asa.

PANALANGIN

Makapangyarihang Diyos na walang hanggan, sa panahong ito ng Pasko ng Muling Pagkabuhay ay pinapanibago mo ang aming pananampalataya at pinatatatag ang aming pag-asa. Ipinapakita mo sa amin na kahit kami ay nasasaktan, kahit ikinukulong kami ng takot at pagdududa, ang Iyong awa ay pumapasok at nagpapagaling sa amin. Pag-isahin mo kami bilang isang bayan na nabubuklod sa iyong pag-ibig, at turuan mo kaming magmalasakit at magpatawad sa isa't isa. Nawa'y maging saksi kami sa kapayapaan ng Muling Nabuhay na Panginoon sa aming mga pamilya, parokya, at mundo. Sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon. Amen.

HOMILIYA — “Mga Bigkis na Sinag: Pagkakaisa sa Pasko ng Muling Pagkabuhay”

Ilang taon na ang nakalilipas pagkatapos ng isang malakas na lindol, tinanong ng isang mamamahayag ang isang kawani ng mga tagapagligtas kung ano ang may pinakamaraming nakapagligtas ng buhay. Hindi ibinahagi ng kawani ang tungkulo sa teknolohiya o kaya’y mga malalaking makinarya. Sinabi niya: “Ang mga gusaling nanatiling nakatayo ay yaong ang mga haligi ay magkakaugnay. Kung saan magkakabit ang bawat parte, doon matibay ang gusali. Kapag magkakahiwalay ang parte, doon bumabagsak.”

Ang larawang iyon aynanatili sa akin: kung ano ang magkakaugnay ay nananatili. Ito’y isang makapangyarihang larawan ng Simbahan pagkatapos ng Pasko ng Muling Pagkabuhay. Ang mg Gawa ng mga Apostoles ay nagsasabi sa atin na ang mga unang Kristiyano ay nanatiling magkakabuklod ang puso at kaluluwa. Magkakasama silang nananalangin. Sama-sama silang naghahati ng tinapay. Ibinahagi nila ang kung ano meron sila. Walang nagkukulang sa kanila. At araw-araw ay dinaragdagan sila ng Panginoon.

Paano binago ng isang maliit at takot na grupo ang mundo na walang gamit na impluwensya, pera, o pamamahayag? Hindi ito dahil sa estratehiya. Hindi ito dahil sa pag-aanunsyo. Malinaw na nakikita ang kanilang pagkakaisa. Nakita ng mga tao ang isang bagay. Nakita nila ang pagkakasundo. Nakita nila ang mayaman at mahirap na magkakasalo sa iisang mesa. Nakita nila nagkapatawaran ang ang mga sugat. Nakita nila ang kagalakang hindi maipaliwanag. At sila’y naakit.

Sila’y, gaya ng isang magandang pariralang Ingles, na ang ibig sabihin ay “iisa ang puso”. Hindi pare-pareho. Hindi magkakatulad. Ngunit tulad ng isang tono: iba’t ibang nota, iisang harmoniya.

Isipin ang isang orkestra. Ang mga biyolin ang nagdadala ng melodiya. Ang mga trumpeta ay may maliwanag at matapang na tunog. Minsan, maiingay ang mga tambol. Ang oboe ay tila umiiyak sa tunog. At tama, minsan may hindi pagkakatugma. Ngunit sa isang tunay na sinfonya, kahit ang hindi pagkakatugma ay naglilingkod sa mas mataas na harmoniya.

Ganito rin ang isang parokya. Hindi natin kailangan ng pagiging pare-pareho. Kailangan natin ng harmoniya.

Narinig ko minsan ang tungkol sa isang parokya sa malayong lugar na laging may hidwaan: matanda laban sa bata, tradisyonal laban sa moderno, konseho ng pananalapi laban sa koro. Sa huli, may isang matandang babae ang tumayo at nagsabi, *“Hindi tayo tinawag para tugtugin ang paborito nating tugtugin. Tinawag tayo para tugtugin ang iisang piyesa.”* Ang pangungusap na iyon ang nagbago ng lahat. Pinili nila ang iisang layunin para sa isang taon. Hindi ito perpekto. Ngunit dahan-dahan, nagsimula silang parang katunog ng isang piyesa ng musika.

At gayunpaman—ang unang orkestra ay nabigo rin.

Noong Biyernes Santo, naghiwalay ang mga patungan. Itinatanggi ni Pedro si Hesus. Ang iba ay tumakas. Nangako sila ng katapatan, ngunit mas malakas sa kanila ang takot. Nang dinakip si Hesus, *“Siya ay iniwan ng lahat at sila’y nagsitakas.”* Isipin natin ang kahihyan. Ang pagkapahiya sa sarili. Ang katahimikan pagkatapos.

Kayat sa gabi ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, isinara at tinakpan nila ang pintuan. Hindi lamang dahil takot sila sa mga awtoridad – ngunit dahil takot din sila sa kanilang mga sarili. Nabigo sila sa pagmamahal.

Pagkatapos ay tumayo sa gitna nila si Hesus.

Halos mararamdaman mo kung paano sila namangha at napatigil. Heto na ang pagpuna. Heto na ang pagkadismaya.

Ngunit isang salita lamang: *“Sumainyo ang kapayapaan.”* Shalom.

Walang paratang. Walang paalala ng kanilang pagtataksil.

Simpleng Kapayapaan lamang.

At ipinakita Niya sa kanila ang Kanyang mga kamay at Kanyang tagiliran. Nananatili ang mga sugat. Ang Muling Pagkabuhay ay hindi isang pindutan lamang para madaling mabago ang lahat. Ang pagdurusang ay hindi nawawala na parang tisa sa pisara. Ang mga sugat ay nagbabagong anyo—ngunit nakikita pa rin.

May isang anyo ng sining sa lahing Hapon na tinatawag na **kintsugi**. Kapag nabasag ang isang mangkok, ang mga bitak ay pinagtatagpi ng gintong barnis. Hindi itinatago ang mga linya ng pagkabasag; sa halip, pinapatingkad ang mga ito. Ang mangkok ay nagiging mas maganda dahil ito ay nabasag. Ang mga sugat ay nagniningning.

Ganito rin si Kristo. At ganito rin tayo puwedeng maging.

Minsan may kakilala akong dalawang magkapitbahay na pamilya na hindi nag-uusap sa loob ng dalawampung taon dahil sa alitan sa lupa. Sa isang Misa para sa libing, nagkatabi sila. Nang dumating ang tanda ng kapayapaan, nag-alinlangan sila. Ngunit dahan-dahan, paunti-unti, sila'y lumingon: “*Sumainyo ang kapayapaan.*” Kasunod nito ang mga luha. Pagkatapos ng Misa, nag-usap sila sa unang pagkakataon matapos ang maraming dekada. Ang isang bagay na nabasag ay napunan—hindi binura—kundi pinunan ng ginto.

Ang kapayapaan ay dapat ipahayag. Minsan, paulit-ulit. Sa Ebanghelyo, sinabi ito ni Hesus ng tatlong beses: “*Sumainyo ang kapayapaan.*” Sapagkat ang kapayapaan ay hindi isang damdamin lamang. Ito ay isang kaloob. At isang tungkulin.

Ngunit isa sa mga patungan ay nawawala sa unang gabi ng Muling Pagkabuhay. Wala si Tomas ay duon.

Madalas natin siyang tawaging “*ang nagdududa.*” Ngunit marahil siya'y sugatan at nagpapahilum pa ng sugat. Itinaya niya ang lahat sa iisang baraha. At nang mamatay si Jesus na umiiyak, “*Diyos ko, bakit mo Ako pinabayaan?*” nagkawatak-watak ang mundo ni Tomas. Nang marinig niya ang iba na nagsasabi, “*Nakita namin*

ang Panginoon,” tila napakabilis nito at napakadali. “*Maliban kung makikita ko... maliban kung mahahawakan ko... hindi ako maniniwala.*”

Iba ba siya sa atin?

Namumuhay tayo sa mundong nais ng patunay. “*Kung hindi ko ito makikita, hindi ako maniniwala.*” May isang batang lalaki na nakatayo minsan sa tabing-dagat kasama ang kanyang lolo. Itinuro ng matanda ang abot-tanaw at sinabi, “*Lampas sa nakikita mo, may iba pang mga bansa, buong lungsod.*” Napapikit ang bata at sinabi, “*Tubig lang ang nakikita ko.*” Ngumiti ang lolo: “*Hindi mo ito nakikita—ngunit hindi ibig sabihin na wala ito.*”

Nais ni Tomas na makakita lampas sa tubig.

At pansinin ang isang mahalagang bagay: ang pinakamalaking pagkakamali niya ay hindi ang kanyang pagdududa. Ito ay ang kanyang pagliban. Nang unang dumating si Hesus, wala si Tomas roon. Ang uling na inalis sa apoy ay lumalamig. Ang pananampalataya ay hindi isang solong pagtatanghal. Ito ay isang pangkat ng mga musikero o orkestra. Kailangan nito ang ibang musikero.

Minsang may isang batang doktor na nakatrabaho ang isang sugatang sundalo na tumangging sumailalim sa gamutan, tumangging tanggapin ang mga bisita, at tumangging tingnan ang kanyang mga peklat. Isang araw, umupo lamang siya sa tabi niya at mahinahong sinabi, *“Hindi ko kayang alisin ang iyong mga sugat. Ngunit hindi ako natatakot na makita ang mga ito.”* Dahan-dahan, inalis ng sundalo ang benda sa kanyang braso. Ang munting kilos na iyon ang simula ng kanyang paggaling.

Ganoon din si Hesus. Nang muli Siyang dumating, hindi Niya pinagalitan si Tomas. Sinabi Niya, *“Ilagay mo ang iyong daliri dito. Tingnan mo ang Aking mga kamay. Ilapit mo ang iyong kamay sa Aking tagiliran.”*

Hindi Siya natatakot sa mga sugat. Hindi sa mga Kanya. Hindi sa mga atin.

Gaano natin kadalas itinatago ang ating mga panloob na sugat—paninisi sa sarili, galit, pagkadismaya, inggit, kalungkutan. Iniisip natin na ang pananampalataya ay ang pagpapanggap na maayos ang lahat. Ngunit sinabi ng mga Unang Matatanda ng Simbahan, *“Tanging ang tinanggap lamang ang natubos.”* Ang itinatago natin ay hindi magagamot.

Isipin natin si Pedro. Noon lamang umiyak siya sa kanyang pagtatanggi, saka niya nasabing: *“Panginoon, alam Mo na mahal Kita.”* Isipin natin si Zaccheus. Noon lamang inamin niya ang kanyang kawalang-katarungan, saka pumasok ang kaligtasan sa kanyang tahanan. Isipin natin si Tomas. Tanging nang hinarap niya ang kanyang sugat, saka niya narating ang pinakamalalim na pag-amin sa Ebanghelyo: *“Aking Panginoon at Aking Diyos.”*

Ito ay hindi pananampalatayang hindi personal o hiniram lamang. Ito ay isang pakikipagtagpo.

Ang kambal ng pananampalataya ay pagdududa. Si Tomas ay tinawag na *“ang Kambal.”* Siya ang ating kambal. Sa kanya, nakikita natin ang ating pinaghalong Muling Pagkabuhay at Biyernes Santo. Tayo ay mga taong nananatili sa Muling Pagkabuhay —ngunit tayo rin ay mga taong patuloy na nagdadala ng krus.

Naalala ko ang isang lalaki na nawalan ng asawa sa panahon ng Muling Pagkabuhay. Habang inaawit ng Simbahan ang *“Aleluya,”* naramdaman niya ang kawalan sa kanyang puso. Pagkatapos ng libing, umuwi siya nang mag-isa. Nang gabing iyon, napansin niya ang isang kandila sa bintana ng kanyang kapitbahay. Kalaunan,

sinabi lang ng babae, *“Akala ko baka kailangan mo ng kaunting liwanag ng Muling Pagkabuhay.”* Sinabi niya sa akin, *“Hindi ko naramdaman ang muling pagkabuhay. Ngunit alam kong hindi ako nag-iisa. At sa isang paraan, iyon ay sapat na.”*

Iyon ang Simbahan. Pinananatili natin ang ilaw sa bintana para sa mga nasa Biyernes Santo pa rin. Nananatili tayong magkakasama, tulad ng mga patungan na mahigpit na nakatali. Nananatili tayong nagkakaisa. Nagsasalita tayo ng kapayapaan. Nangangahas tayong hawakan ang mga sugat.

At kapag ginawa natin ito, may nangyayari. Nagsisimulang buksan ang mga nakasarang pintuan. Unti-unting humihina ang kapit ng takot. Lumilitaw ang tulay—hindi lamang sa mesa, kundi sa pagitan ng mga puso.

Minsang tinanong ng isang konduktor ang isang sikat na biyolinista, *“Ano ang nagpapaganda talaga sa isang orkestra?”* Sumagot ang biyolinista, *“Kapag ang bawat musikero ay nakikinig nang higit sa kanyang pagtugtog.”*

Marahil iyon ang lihim ng pagkakaisa sa Muling Pagkabuhay.

Ang patuloy na pakikinig kay Kristo, na patuloy na nakatayo sa gitna natin at nagsasabi, *“Sumainyo ang kapayapaan.”*

Ang pag-kinig sa mga sugat ng bawat isa sa atin nang walang takot.

Ang pag-kinig sa pagdududa natin sa ating mga sarili, at ang paglabas natin dito sa liwanag.

Kung mananatili tayong magkaugnay—tulad ng mga biga pagkatapos ng lindol—kung pahihintulutan natin ang Muling Nabuhay na huminga ng kapayapaan sa ating takot, kung mangahas tayong hawakan ang Kanyang mga sugat at hayaang hawakan Niya ang atin, saka ang ating parokya, ang ating pamilya, ang ating buhay ay mananatiling matatag.

At marahil, marahil lang, ang isang taong makakakita sa atin at masasabi ang sinabi ng mga tao tungkol sa unang mga Kristiyano: *“Tingnan ninyo kung paano nila minamahal ang isa’t isa.”*

At mula sa kailaliman ng ating sariling pinatatag na pananampalataya, makakaya rin nating ibulong kasama si Tomas: *“Panginoon ko at Diyos ko.”* Amen.

PAANYAYA SA PAGPAPAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

Sama-sama nating ipahayag ang pananampalatayang nagbibigay-lakas at nagbubuklod sa atin—ang pananampalatayang humahawak sa ating buhay kay Kristo, na nagpapakita sa atin ng awa at ng buhay na mas higit sa takot.

PAANYAYA SA PANALANGIN SA MGA ALAY

Sa pamamagitan ng ating mga bukas na puso at magkahawak na mga kamay, inihahandog natin ang tinapay at alak, kasama ang ating mga gawain, kagalakan, at mga pagsubok sa buhay. Ipanalangin natin na ang mga ito ay maging kalugud-lugod sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

PANALANGIN SA MGA ALAY

Maawaing Diyos, inihaharap namin sa iyo ang mga alay na ito ng tinapay at alak, mga sagisag ng aming buhay, ng aming mga pagsisikap, ng aming mga pag-asa, at ng aming mga sugat. Nawa'y baguhin ng iyong Espiritu Santo ang mga ito upang maging Katawan at Dugo ng iyong Anak na si Hesukristo, na umako sa aming mga paghihirap at muling nakipagkasundo sa amin sa iyo.

Turuan mo kaming makita na kahit ang aming mga pagkukulang at

pag-aalinlangan ay maaaring maging daan ng iyong biyaya.

Palakasin mo kami upang mamuhay sa kapayapaan, magpatawad tulad ng pagpapatawad mo sa amin, at maihatid ang iyong awa sa buhay ng iba.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon. Amen.

PREFASYO (Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, Pinamumunuan ng Diyos ang Simbahan)

Tunay na karapat-dapat at makatuwiran, tungkulin at kaligtasan namin, sa lahat ng panahon at sa lahat ng dako, na magpasalamat sa Iyo, Panginoon, Banal na Ama, Makapangyarihan at Walang Hangganang Diyos.

Sapagkat sa bawat kapanahunan, ang Iyong pagpapala ay namumuno sa sangnilikha. Pinangungunahan Mo ang Simbahan sa gitna ng mga pagsubok at kagalakan, at sa Iyong karunungan, tinutungo Mo kami sa pagkakaisa at awa. Sa kapangyarihan ng Iyong Banal na Espiritu, ang Iyong Simbahan ay pinananatiling buo sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, upang tayo'y makapagpatotoo sa muling nabuhay na Kristo sa mundo.

Sa pamamagitan ng Iyong Espiritu, pinalalakas Mo kami upang manalangin nang sama-sama, magpatawad sa isa't isa, makibahagi sa tinapay bilang iisang katawan, at ibahagi ang aming buhay bilang buhay na tanda ng Iyong awa. Tinatawag Mo kaming maging parang mga **bigâ ng isang gusali** na magkaugnay, matibay kahit hinahampas ng bagyo ng buhay.

Kaya't kasama ang lahat ng anghel at santo, at bawat tinig na umaawit ng Iyong kabutihan, ipinahahayag namin ang kaluwalhatian ng Iyong pangalan at sumasali sa himig ng papuri sa langit:

PANYAYA SA PANALANGIN NG AMA NAMIN

Mga kapatid, na may pagtitiwala sa awa ng Diyos na nagbubuklod sa atin bilang isang pamilya kay Kristo, itaas natin ang ating mga puso at manalangin gaya ng itinuro sa atin ni Hesus, na may tapang, pag-asa, at pagtitiwala:

EMBOLISMO

Iligtas Mo kami, Panginoon, mula sa lahat ng kasamaan, at pagkalooban Mo kami ng kapayapaan sa aming mga puso, tahanan, at pamayanan. Palakasin Mo kami upang mabuhay bilang Iyong mga anak, nagkakaisa sa pananampalataya at pag-

asa, at nawa'y walang takot, galit, o alitan ang pumigil sa amin na maging kasangkapan ng Iyong awa. Nawa'y gabayan ng Iyong Espiritu ang aming mga hakbang at punuin kami ng tapang habang hinihintay namin ang pinagpalang pag-asa at ang pagdating ng aming Tagapagligtas na si Hesukristo.

PANALANGIN PARA SA KAPAYAPAAN

Panginoong Hesukristo, ipinakita Mo ang Iyong sarili sa Iyong mga alagad sa itaas na silid at binitiwang ang mga salitang ito bilang kapanatagan: *“Kapayapaan nawa ang sumainyo.”* Ngayon, binibigkas Mo rin ang parehong mga salita sa amin.

Ipagkaloob Mo na ang Iyong kapayapaan ay manahan sa aming mga puso, gumabay sa aming mga iniisip, sinasabi, at ginagawa. Nawa'y maging mabagal kami sa galit at mabilis sa pagpapatawad, at maabot ang mga sugatan o nag-iisa. Turuan Mo kaming haplusin ang sugat ng isa't isa nang may pag-ibig at pagmamahal, gaya ng pagpapakita Mo kay Tomas na maaari niyang makita at mahaplos ang Iyong mga kamay at tagiliran.

Nawa'y palakasin Mo ang aming mga pamayanan, pamilya, at pagkakaibigan sa pagkakaisa, upang makilala ng mundo ang

Iyong presensya sa amin. Ikaw ang namumuhay at naghahari magpakailanman. Amen.

PAANYAYA SA KOMUNYON

Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga tinawag sa mesa ng awa na ito, kung saan ang sugatan ay nagpapagaling, ang pag-aalinlangan ay niyayakap, at ang Muling Nabuhay na Panginoon ay ibinibigay ang Kanyang sarili sa atin nang may pagmamahal.

MAIKLING PAGMUMUNI-MUNI PAGKATAPOS NG KOMUNYON

Natanggap natin ang Katawan at Dugo ni Kristo, ang Muling Nabuhay na Panginoon, na nagdadala ng Kanyang mga sugat at nagpapakita ng awa sa atin. Sa sagradong handog na ito, pinaaalalahanan tayo na kahit ang ating sariling mga sugat, pag-aalinlangan, at takot ay maaaring maabot ng Kanyang nagpapagaling na presensya.

Habang tayo'y lumalabas mula sa mesa na ito, nawa'y dalhin natin ang pagkakasundo sa ating mga pamilya, kabaitan sa ating mga kapitbahay, at awa sa mga nagdurusa. Tulad ng mga unang Kristiyano, nawa'y mamuhay tayo nang iisa, nagbubuklod sa pag-ibig, malaya sa pagpapatawad, at nag-aalok ng pag-asa sa lahat.

Tandaan natin na kahit ang pinakamaliit na kilos ng kapayapaan, ang pinakamalumanay na salita ng ginhawa, o ang mapagpakumbabang pakikinig ay maaaring maging tulay ng liwanag sa mundong madalas ay hati.

PANALANGIN PAGKATAPOS NG KOMUNYON

Makapangyarihang Diyos, sa pamamagitan ng banal na handaang ito, pinakain Mo ang aming mga puso sa Katawan at Dugo ng Iyong Anak na si Hesukristo. Nawa'y ang biyayang natanggap namin ay magpalakas sa amin upang mamuhay sa pananampalataya, yakapin ang sugat ng isa't isa na may awa, at mamuhay na may pagkakaisa at pagmamahal.

Tulongan Mo kami, Panginoon, na maging kasangkapan ng pagkakasundo, na magdala ng kapayapaan sa mga may hidwaan, at mag-alay ng pag-asa sa mga nawawalan ng lakas ng loob. Nawa'y sumilay sa aming buhay ang Iyong awa, upang ang lahat ng makakita sa amin ay masabi nang may paghanga: *“Tingnan niyo kung paano nila minamahal ang isa't isa.”*

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon. Amen.

PANGHULING BENDISYON

Nawa'y gabayan kayo ng Diyos Ama sa lahat ng katotohanan at ingatan kayo sa Kanyang mapagmahal na pag-aaruga. -Nawa'y samahan kayo ng Diyos Anak, na magdala ng tapang, pag-asa, at kagalakan ng Muling Nabuhay na Panginoon sa inyong buhay. - Nawa'y palakasin kayo ng Banal na Espiritu, pag-isahin kayo sa inyong mga kapatid, at punuin ng kapayapaan na lampas sa lahat ng pang-unawa.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos, + Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Amen.

PAALALA SA PAG-ALIS

Humayo kayo nang payapa, ipinaparangalan ang Panginoon sa pamamagitan ng inyong buhay, at ibahagi ang awa na inyong natanggap.

PAALALA SA PAGBABALIK-LOOB SA BUHAY

Tulad ng mga bigâ ng isang gusali na magkaugnay, ang ating buhay, ating mga pamilya, at ating parokya ay nagiging matibay lamang kapag nagkakaisa tayo kay Kristo.

Magsalita tungkol sa kapayapaan saan man kayo magpunta, yakapin ang mga sugat ng iba nang may awa, at mamuhay bilang

saksi sa Muling Nabuhay na Panginoon.

At nawa'y gaya ni Tomas, buong tapang ninyong ipahayag sa inyong buhay at pananampalataya: *“Panginoon ko at Diyos ko.”*

- Translated by William Valdrez, Jr., Perth